

PLANO NG PAGTAKAS SA SUNOG SA TAHANAN

Fact Sheet 12 – Community Risk Management. Revised 28/09/2004-Filipino

- NSW FIRE BRIGADES
- NSW RURAL FIRE SERVICE
- ACT FIRE BRIGADE
- ACT RURAL FIRE SERVICE

KATOTOHANAN

Sa 21 mga pagkamatay sa tahanan dahilan sa aksidente na naganap sa NSW na inimbistigahan simula pa noong taong 2001, ibinunyag ng Unit ng Imbestigasyon at Pagsasaliksik ng Mga Brigada ng Bumbero ng NSW na 13 sa mga biktima ang nakaligtas sana kung sila ay may mayroong plano ng pagtakas upang makatulong na sila ay makalabas ng kanilang mga tahanan nang mas mabilis.

(Wastong estadistika sa petsang 19/08/02)

LISTAHAN PARA SA PLANO NG PAGTAKAS SA SUNOG SA TAHANAN

Ang bawat tahanan at lugar pantrabaho ay dapat magkaroon ng plano ng pagtakas sa sunog. Ang katangian ng aksidenteng mga sunog sa tahanan ay maaaring maglagay sa mga tao sa alanganin nang walang kamalayan. Sa di pagkakaroon ng plano ng pagtakas inilalagay ninyo ang inyong buhay at ng inyong mga pamilya sa panganib. Para sa mas ligtas na tahanan magsanay sa sumusunod na mga payo sa pagtakas:

- Alamin ang dalawang ligtas na paraan ng paglabas sa bawat kuwarto
- Iguhit ang inyong plano ng pagtakas sa papel at talakayin ang inyong plano ng pagtakas sa inyong pamilya
- Habang kayo ay tumatakas tiyakin na isinasara ninyo ang mga panloob na pintuan sa inyong paglabas
- Magpasiya tungkol sa ligtas na lugar na pagtitipunan sa labas hal Malapit sa kahon ng sulat
- Tiyakin na ang inyong mga bintana at mga pintuan ay maaaring mabuksan kaagad kung kinakailangan
- Magkabit ng mga alarma para sa usok: suriin ito nang palagian at palitan ang mga baterya isang beses man lamang sa bawat taon
- Maaari kayong bigyan ng babala ng mga alarma para sa usok, at ang isang plano ng pagtakas ay maaaring makatulong na kayo ay makalabas nang buhay
- Magsanay sa inyong plano ng pagtakas nang palagian kasama ang lahat ng mga miyembro ng inyong pamilya/mga kasambahay
- Kung may sunog sa inyong tahanan, huwag maghintay, **ANG BAWAT SEGUNDO AY MAHALAGA**, tumakas kaagad at pagkatapos ay tawagan ang 000 mula sa kapitbahay
- Kapag kayo ay nakalabas, **MANATILING NASA LABAS**, huwag kailanman babalik sa loob ng nasusunog na gusali
- Tandaan na isaalang-alang ang espesyal na mga pangangailangan ng mga bata, matatanda o may mga kapansanan kapag gumagawa ng inyong plano ng pagtakas

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON KONTAKIN ANG INYONG LOKAL NA ISTASYON NG BUMBERO O
SENTRONG TAGAMAHALA NG SUNOG

o bisitahin ang website na: www.fire.nsw.gov.au www.rfs.nsw.gov.au o www.esa.act.gov.au

MGA PAYONG PANGKALIGTASAN SA SUNOG

- Tandaan na ang usok mula sa isang sunog ay makakalito sa inyo at na hindi kayo makakakita sa usok
- Kapag natutulog hindi ninyo maaamoy ang usok at sa katunayan gagawin nitong mas mahimbing ang inyong tulog
- Ang mga pampainit na unit na ginagamitan ng langis, gas o kahoy ay maaaring mangailangan ng taunang pagsusuri para sa pagmamantina
- Gumamit lamang ng mga rekomendadong klase ng piyus at magkabit ng pangkaligtasang suwits ng kuryente
- Ang kaligtasan sa sunog sa tahanan ay mahalaga para sa buong pamilya at maiiwasan ng paghahanda ang malakina sakuna

SA ISANG KAGIPITAN TAWAGAN ANG 000